

# Ang mga bisikleta ay sasakyan!



# Kaligtasan at Mga Patakaran sa Trapiko para sa Bisikleta

## MAGBISIKLETA SA KALIWA

Itinuturing ang mga bisikleta na katulad din ng mga kotse. Ibig sabihin, **ayon sa prinsipyo, dapat dumaan ang mga siklista sa kalsada**.



Siguraduhing manatili **sa kaliwang bahagi ng kalsada**.

Maaaring dumaan ang mga siklista sa mga bangketa kung saan may mga karatula ng Shared Sidewalk (Bangketang Para sa Naglalakad at Siklista).




Karatula ng Shared Sidewalk

Sa bawat bangketa, dapat magbigay-daan ang mga siklista sa mga naglalakad.

Mag-ingat sa pagbibisikleta malapit sa kalsada.

Kung ang pagbibisikleta ay magiging sagabal sa dinaraanan ng mga naglalakad, huminto o bumaba sa bisikleta at itulak ito habang naglalakad.



Kapag lumilikong pakanan sa interseksyon, manatiling malayo sa kaliwang bahagi ng kalsada hanggat posible, magpatuloy nang deretso, saka bumagal nang sapat para sa pagliko.

Huwag tumawid nang pahilis.

## HUWAG MAGBISIKLETA NANG LASING



Katulad din ng pagmamaneho nang lasing, labag sa batas ang pagbibisikleta nang lasing.

Kapag nakainom ng alak, humanap ng ibang paraan para makauwi.

## SUMUNOD SA MGA ILAW NG TRAPIKO AT SA MGA KARATULA NG PAGHINTO



Dapat sumunod ang mga siklista sa mga ilaw ng trapiko at sa mga karatula ng paghinto.




Karatula ng Paghinto

Kapag pumapasok sa mas malawak na kalsada o sa mga lugar na may malabong makitang kapaligiran, siguraduhing bumagal o huminto muna upang matiyak ang ligtas na pagtawid.

## BUKSAN ANG MGA ILAW SA GABI



Labis na mapanganib ang pagbibisikleta nang walang ilaw dahil mahirap kang makita ng ibang tao o sasakyan sa madilim na lugar.

Buksan ang ilaw sa gabi.

## MAGSUOT NG HELMET



**Maaaring magligtas ng buhay mo ang pagsusuot ng helmet.**


**Lubusang inirerekomenda ang pagsusuot ng mga helmet na nagbibigay ng proteksyon mula sa pinsalang dulot ng pagsalpok.**

**Ipinagbabawal din ang mga sumusunod habang nagbibisikleta:**


Dalawang taong nakaupo sa bisikletang pang-isahan




May hawak na payong



Nagbibisikleta nang magkasabay



Gumagamit ng cell phone



Nagpapalibang sa mga gawaing nakakaapekto sa pagdinig sa paligid (hal., mga earphone)





**Kapag nasangkot ka sa aksidente sa daan, kontakin ang pulisya!**



Pulisya ng Prepektura ng Kagoshima